


Suporta para sa mga nagtatrabahong nanay—aplikasyon para sa pampubliko at pribadong paalagaan ng mga bata ay magsisimula na



Maraming mga ina ang nais magtrabaho subalit may malilit silang anak at wala silang paglalagakan. Ang solusyon para sa problemang ito ay ang nursery o paalagaan para sa mga bata. Magsisimula na ang pagtanggap ng aplikasyon para sa susunod na pasukan. Maikli lamang ang takda ng pag-apply sa mga paalagaan kaya alamin ang iskedyul.

Petsa ng Aplikasyon

●Fujimi-shi

Nobiembre 30 (Miyerkules)
1 3 : 3 0 ~ 1 6 : 0 0
Disyembre 1 (Huwebes)
1 3 : 3 0 ~ 1 8 : 0 0
Disyembre 2 (Biernes)
1 3 : 3 0 ~ 1 6 : 0 0

●Fujimino-shi

Disyembre 1 at 2
(Huwebes at Biernes)
9 : 3 0 ~ 1 8 : 0 0
Disyembre 12 at 13
(Lunes at Martes)
9 : 0 0 ~ 1 9 : 0 0
(12:00 ~ 13:00 lunch break)

●Miyoshi-machi

Nobiembre 24 at 25
(Huwebes at Biernes)
9 : 0 0 ~ 1 2 : 0 0
1 3 : 0 0 ~ 1 6 : 0 0
(Kung hindi makapag-apply sa mga nasabing araw magtungo lamang sa Welfare Children Section hanggang Disyembre 22 (Huwebes).

Mga day nurseries o paalagaan ng mga bata (pampubliko at pribado)

No. 1 Day nursery (public)
No.2 Day nursery (public)
No.3 Day nursery (public)
No.4 Day nursery (public)
No.5 Day nursery (public)
No.6 Day nursery (public)
Fujimino Day nursery(public)
Kobato Day nursery(private)
Keyaki Day nursery(private)
Kodomonosono Baby(private)
Nishi-mizuhodai day nursery (private), magbubukas sa Abril 2006

Uenodai Day nursery (public)
Taki Day nursery (public)
Kasumigaoka Day nursery (public)
Shinden Day nursery (public)
Nishi Day nursery (public)
Kamekubo Day nursery (public)
Kamei Day nursery (public)
Tsurugoka Day nursery (public)
Oi Day nursery (public)
Tanpopo Day nursery (private)
Kasuga Day nursery (private)
Kazenosato Day nursery (private)
Tsurugoka No2 day nursery (private)

No.1 Day nursery (public)
No.1 Day nursery (public)
No.1 Day nursery (public)

● Ano ang Day nursery?

Maaring ipasok sa day nursery ang mga batang may edad mula 3 buwan o 6 buwan at mga hindi pa pumapasok sa elementarya. Subalit hindi lahat ay maaring matanggap, alamin lamang ang mga kondisyon sa Section ng Childcare ng munisipyo

INFORMATION

Samahan ng Fujimi Japanese circle

Ang klase ng Nihonggo ng Fujimi Japanese circle na sinimulan 10 taon na ang nakakaraan ay ililipat sa Tsuruse-nishi Koryu Center. Maaring lakarin, 5 minuto mula Tsuruse station, west exit. Madaling hanapin ang lugar. Kung sakaling nahirapan kayong hanapin, tumawag lamang sa Tel. 049-251-2791

Bakuna laban sa Influenza para sa mga may edad -

Ang mga residenteng may edad 65 pataas at iyong nasa pagitan ng 60 hanggang 65 taong gulang na may sakit o kapansanan kagaya ng pagkakaroon ng paralisado sa puso, kidney o respiratory organ at iba pa ay maaring makapagpabakuna laban sa influenza sa halagang ¥1,000. Magtungo lamang sa malapit na opisina ng munisipyo.

Ang Fujimino International Exchange Center ay ililipat sa Fujimino-shi sa Disyembre.

Ang center na may 5 taon na sa kasalukuyang upisina ay may kalayuan sa istasyon kung kaya't naipplanong lumipat. Ang bagong tanggapan ay malalakad ng 5minuto mula Kamifukuoka-station. Tingnan lamang ang huling pahina ng INFO Magbubukas ang bagong center sa ika-17 ng Disyembre..

Inaanyayahanan— mga banyagang residente na gustong mag-volunteer

Malugod naming inaanyayahan ang mga banyagang residente. Kung nais ninyong mag-aral ng Nihonggo, magkaroon ng mga kaibigang Hapones at iba pang kapwa banyaga, kung kayo ay may problema, o nais ninyong magkaroon ng konting trabaho - magtungo lamang sa center.

Phone: 049-275-0370

Celebrating 100 issues Message from translator

INFORMATION FUJIMINO ika-100 isyu !!!

Maligayang pagbabati sa FICEC! Kasama ang iba pang mga Pilipinong naninirahan sa ating syudad at karatig na mga bayan malugod naming binabati ang mga staff ng center, lahat ng mga miyembro at sponsors at lahat ng mga tao at organisasyong kasama sa mga gawain, aktibidades, at programa ng FICEC. Higit sa lahat, malaki ang aming pasasalamat sa mga volunteer na mga Hapon sa kanilang walang sawang pagsuporta sa mga banyaga.

Ang Information Fujimino newsletter na nakasalin sa iba't ibang wika ay labis na nakakatulong sa aming mga banyaga, para malaman ang mga balita, mga ebento at aktibidades sa ating syudad.

Maraming mga Pilipino ang nagpupunta sa center para humingi ng payo, suporta, at minsan gumagamit ng pansamantalang shelter ng center. Lahat kami ay parehas ang nararamdamang kasiyahan at pagpapasalamat at mayroong center na mapupuntahan. May ibang mga Pilipino ang di halos makapaniwala na may mga Hapones pa pala na handang tumulong, magbigay ng oras, payo, at ibang pangngangailangan na walang kapalit o kabayaran. Kami ay nalulungkot dahil hindi namin mabigyan ng kapalit ang mga kagandahang loob na aming natatanggap. Iniaalay na lang namin sa Maykapal at idinarasal ang kanilang pagiging ligtas at pagkakaroon ng lakas sa pagpapatuloy ng kanilang mga gawain. Maligayang pagbabati ulit at more power!

ANAZAWA EMELYN

Foreign residents advisory center (free) phone 049-253-7744